Pasensya na po sa aming pangungulit,
pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay tunay nalalapit.
Sa Meralco Fitness Center dalhin ang mga bulilit,
sa Meralco Compound, Ortigas Pasig,
sa Robinson's Galleria ay malapit.

Sa mga darating na araw
listahan ng mga pangkat ay abangan,
huwag mangamba at bawat pamilya ay may kabibilangan.
Kaya't hinihiling namin ang pagpapalista ng inyong mga pangalan,
maghihintay kami, mensahe ninyo ay aabangan.

Kung may tanong naman tungkol sa kasuotan,
kung maaari lamang magsuot ng kamisetang kakulay ng pangkat na kabibilangan.
Kung sa kamisetang de-kulay naman ay mahihirapan,
kasuotang kumportable sa paglalaro ay ayos na yan

Kaya sa Ika-26 ng Agosto pamilya ay tipunin,
sa ganap na Ika-walo at kalahati ng umaga kayo ay hihintayin.
Huwag maging hadlang ang walang dalang pagkain,
Sa amin mas mahalaga ang kayo'y makapiling. :)